



Editoryal

Tiyak ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo


Tuluy-tuloy na sumisidhi at lumalalim ang krisis sa paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Una itong sumambulat nang sumiklab noong Hunyo 2005 ang mga kilos protesta matapos malantad ang pandaraya sa eleksyon 2004 sa "Hello Garci" teyp at pagkakasangkot ng pamilyang Arroyo sa hweteng at iba't iba pang anomalya. Humantong sa bagong antas ang krisis na ito sa paghahari nang ideklara ni Arroyo ang State of National Emergency nitong Pebrero na sinundan pa ng deklarasyon ng "all-out war" na nagbunsod ng mararahas na pag-atake sa mga pinaghihinalaang base ng rebolusyon sa kanayunan at sa demokratikong kilusang masa at mga kalaban ni Arroyo sa pulitika.

Gamit ang iba't ibang tuso at marahas na mga pakana at maniobra, nakatatagal si Arroyo sa poder. Ngunit kaalinsabay nito ang ibayong pagsidhi ng krisis at paglakas ng panawang labanan at ibagsak ang kanyang bulok, mapanlinlang, papet at brutal na rehimeng. Lalo nitong inihiwalay ang sarili, pinakukulo ang galit ng mamayan at pinatitibay ang determinasyon nilang lumabanan.

Inaabuso ni Arroyo ang kanyang kapangyarihan at gumagamit siya ng mga paraang diktador sa kanyang pagkakandarapang supilin ang katotohanan, pagtakpan ang kanyang mga krimen, depensahari ang sarili at sindakin ang

kanyang mga kalaban. Iniiikut-ikutan at binabaluktot niya ang umiiral na reaksyunaryong konstitusyon, mga batas at proseso at walang habas na sinasagasaan maging mga desisyon ng Korte Suprema. Sa pamamagitan ng malawakang panunuhol, hawak niyang mayorya sa Kongreso at pagsagasa sa mga proseso, nagawang karakang ipabasura ni Arroyo sa mga alipures niyang kongresista ang ikalawang kasong *impeachment* nitong Hulyo. Patuloy din itong nagmamatigas na pagbawalan ang mga upisyal ng AFP at gubyerno na dumalo sa mga imbestigasyon ng Senado at Kongreso.

Kaalinsabay nito, walang pangigmiling ginagamit ni Arroyo ang kanyang kapangyarihan at pribilehyo upang suhulan ang mga kongresista, lokal na upisyal, mga upisyal ng militar, huwes at maging mga taong-simbahana. Ang hindi mabili ay dadaanin sa paninindak at pagsasampa ng kung anu-anong kaso. Umaabot sa 200 ang balak na sampahan ng kasong "rebelyon" kaugnay ng mga kilos protesta at tangka umanong kudeta noong Pebrero kabilang ang 40 una nang kinasuhan. Samantala, sinampaahan ng kasong libelo at itinutulak ang pagtatanggal sa Kongreso at lisensya bilang abugado ni Rep. Alan Peter Ca-



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Hindi na nahiya
si Arroyo PAHINA 4

Pagbigo sa RSOT
sa Albay PAHINA 8

Limang taon matapos
ang 9-11 PAHINA 10

yetano bilang ganti sa paglalantad niya ng nakatagong yaman ng mag-asawang Gloria at Mike Arroyo sa ibayong dagat.

Sinisindak maging ang mga kritikal sa masmidya, kabilang ang 42 mamamahayag na sinampahan ng kasong libelo ng pamilyang Arroyo mula 2004 dahil sa mga inilantad na nakatagong yaman, korapsyon, pagkakasangkot sa ismagling at iba pang maruruming gawain at krimen ng pamilya.

Ang pinakamalalakas na kumakalaban at hindi nasisindak ng rehimeng Arroyo ay pinatatahimik sa pamamagitan ng tuwirang karahasan. Mula nang simulan ang Oplan Bantay Laya pagkaluklok ni Arroyo noong 2001, mahigit 750 nang mga progresibong aktibista, abugado, taong-simbahana, taong-midya at karaniwang mamamayan ang pinaslang ng mga *death squad* na pinakikilos ng AFP at binibigyang-direksyon ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) ng Malakanyang.

Laging karugtong ng pasistang pandarahas ang pasistang propaganda. Kasabay ng mga pasistang atake ang maraming maruruming kampanyang saywar, paninira at

anti-komunistang pananakot sa mga progresibong organisasyon at alyansang pawang pinalalabas na "prente ng mga komunista" o "kaway ng estado" upang bigyang-katwiran ang pag-atake sa kanila ng mga armadong pwersa ng estado. Masahol pa'y sinisikap ibaling ng mga pasistang propagandista ang bintang sa rebolusyonaryong kilusan o sa mga biktima mismo ng mga pamamaslang. Isang huwad na imbestigasyon ang isinasagawa ngayon ng rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng binuong Melo Commission na ginagamit para pawalansala ang rehimeng Arroyo at palabasing kagagawan ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan ang mga pamamaslang.

Sa gitna ng ibayong kaligaligan at pagkakasukol nito sa patung-patong na mga akusasyon at pagtulisa rito, pinapaspasan ngayon ni Arroyo ang mas "estratehikong" mga hakbangin upang konsolidahin ang kanyang kapit sa poder.



Minamadali na ng rehimeng Arroyo ang mga pagsasakatuparan ng Cha-cha (*charter change* o pagbabago ng konstitusyon), na nakadisenyo para matiyak ang pananatili nya at lahat ng mga kasapakat niya sa poder hanggang 2010 o lampas pa rito, limitahan ang mga garantiya sa mga karapatang sibil at pampulitika at makinat ang suporta sa kanya ng imperyalistang US kapalit ng ibayong pagbubukas sa kanilang panghihimasok at kontrol sa territoryo, ekonomya, pulitika at militar sa bansa. Lansakang sinasasaan ng mga alipures ni Arroyo ang lahat ng umiiral na batas upang maidaos ang "*constituent assembly*" (pagbobotong Kongreso para sa Cha-cha na bumabalewala na sa Senado) o ang "*people's initiative*" (pagpapalusot ng pekeng pagpapapirmang itinataguyod ng Malakanyang) bilang paraan ng pagbabago sa konstitusyon.

Bilang paniyak, naghahanda na rin ang Malakanyang na lutuin ang eleksyon sa susunod na taon—tulad ng ginawa noong 2004—upang tiyakin ang mayoryang kontrol pa rin ng pangkating Arroyo sa Kongreso, Senado at mga lokal na pamahalaan. Sagad-sagarang ginagamit ngayon ni Arroyo ang kanyang kontrol sa pondo at mga recurso ng gobyerno, pati na sa mga hawak nitong bangko, ahensyang pampinansya at iba pang korporasyon upang magamit sa panunuhol sa mga pulitiko at mabili ang kanilang katapatan. Kaalinsabay nito ang mga maniobra upang alisin sa poder bago ang panahon ng halalan ang mga oposisyonistang upisyal tulad ng ginawang pagsuspinde kay Mayor Wenceslao Trinidad ng Pasay City at

ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 18 Setyembre 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Tiyak ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo	1
Lakbayan	3
Hindi na nahiya	4

Pananalanta ng pasistang estado

Walang humpay na paglalapastangan	5
Sigaw para sa HUSTISYA	6
Sampal sa mga biktima	7

JPEPA: Bigwas sa lokal na ekonomya

Pagbigo sa RSOT sa Albay	7
	8

Limang taon matapos ang 9-11

Patung-patong na kaswalti	10
Dagdag na kasinungalingan	11

Balita

12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sundan sa "Editoryal...," pahina 3


ANG BAYAN Setyembre 21, 2006

sa pinaplanong laban kay Mayor Jejomar Binay ng Makati City.

Aroganteng iwinawasiwas ni Gloria Arroyo ang hawak niya sa kapangyarihan. Subalit sa bawat pagkakataong abusuhin at sagarin ni Arroyo ang kanyang kapangyarihan at mga pribilehiyo, lalo lamang niyang inilalantad ang kabulukan at pagiging antinasyunal, anti-mamayan at anti-demokratiko ng kanyang rehimeng buong sistema, pinalalala ang pagkakahiwalay niya, pinag-aalab ang galit ng mamayan at ginagawang lalong malinaw at marupok na target ng paglaban ng mamayan Pilipino ang kanyang rehimeng.

Katulad noong panahon ng diktadurang Marcos, dulot ng sagad-sagarang paggamit ni Arroyo sa kapangyarihan ng estado upang linlagingin, abusuhin, dahasin at apihin ang mamayan at magmatigas sa pagkapit sa poder, milyun-milyong mamayan ang napupukaw na kumilos at lumaban. Habang pinagbabawalan niya ang kanyang mga upisyal na humarap sa mga imbestigasyon, lalong nalalantad ang mga kasingalingan at dumarami ang naghahanap ng katotohanan. Habang mas marami siyang sinusuhulan upang bilhin ang katapatan, lalong umaalingasaw ang baho niya at ng kanyang rehimeng. Habang mas malaki ang yamang kanyang ninanakaw at itinatago, lalo siyang kinasusklaman ng hikahos na mamayan. Habang mas marami siyang sisindak at tinatakot, ipinadudukot, ipinakukulong at ipinapapatay, lalong dumarami ang namumulat, naghahangad ng hustisa at kalayaan, tumatapang at nakakikita sa mahigpit na pangangailangang labanan at palitan ang kasuklam-suklam na rehimeng at sistema.

Sa kabilang mas malakas na kontrol ng diktadurang Marcos sa sandatahang lakas, nabigo itong



Lakbay

NAGSIMULANG magmartsa mula sa Calamba, Laguna noong Setyembre 18 ang *caravan* ng mahigit 1,000 mamayan para kundenahin ang sistemikong pampolitikang pamaslang ng rehimeng Arroyo at iba pang paglabag sa karapatang-tao. Magtitipun-tipon ang mga nagpuprotesta sa Setyembre 21 sa isang malaking rali sa Liwasang Bonifacio, Maynila bilang paggunita sa batas militar. Sa Central Luzon, tumulak nitong Setyembre 19 ang 15 sasakyang kasama ang 1,000 kasi-pi at kapanalig ng BAYAN-CL mula sa City of San Fernando, Pampanga patungong Maynila.

Sa labas ng bansa, magdaraos ng mga *vigil-rally* sa mga embahada ng Pilipinas ang mga kasapi ng International League of Peoples' Struggle, BAYAN-USA at mga tagasuporta nila sa mga pangunahing lunsod ng US, Honolulu, Canada, Hongkong, Korea, Taiwan, Japan, Australia at Belgium bilang paggunita sa International Day of Protest against Political Repression in the Philippines ngayong Setyembre 21.

ganap na supilin at kitlin ang rebolusyonaryong kilusan at ang pakikibaka ng buong mamayan Pilipino, hanggang sa tuluyang naibagsak ito noong Pebrero 1986. Malayong mahina ang kontrol ni Arroyo sa sandatahang lakas na watak-watak at maraming disgusto sa kanyang paghahari. Lalong hindi niya magagawang pigilin ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at ipagkait ang tagumpay sa paglaban ng mamayan. Pinakamalaking paborableng salik sa panig ng mamayan Pilipino ang pagkakaroon sa hanay nila ng di palulupig na demokratikong kilusang masang walang sawa at buong tapang na naglalantad at lumalaban sa pasismo, kabulukan at pagkakapapet ng rehimeng Arroyo at mga determinado at malakas na armadong rebolusyonaryong pwersang bumabakbak sa armadong haligi ng rehimeng Arroyo, nagbibigay-inspirasyon sa paglaban ng mamayan na lumaban at puspusang nagsusulong ng pakikibaka hanggang sa ganap na tagumpay.

Hinahangad ng lahat ng rebolu-

syonaryong pwersa at ng malawak na mamayan ang pinakamabilis na pagbabagsak ng rehimeng US-Arroyo upang sa pinakamaagang panaho'y makamit ang hustiya at maginhawaan na ang bayan. Gayunman, habang nakapagtatagal sa poder ang rehimeng US-Arroyo, higit na malalim na nauukit sa isipan ng mamayan ang mapapait na karanasan sa ilalim ng bulok at brutal na paghahari at higit na naging malinaw sa mas maraming mamayan ang pangangailangang kumilos at wakasan ang rehimeng lalong madaling panahon. Habang nagtatagal sa poder, lalong nagiging kalawangin at marupok ang alambreng tinatawid ng rehimeng.

Nagkakaroon din ng higit na pagkakataon at panahon ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa na pag-ibayuhin ang pagmumulat, pag-oorganisa, pagtitipon ng lakas at pagpapakilos ng mas malawak na hanay ng mamayan sa wastong landas ng pakikibaka tungo sa pagkakamit ng tunay na kalayaan, demokrasya, kawayaan at kaunlaran.

Hindi na nahiya

Walang kahihiyang bumyahe si Gloria Arroyo sa Finland, Belgium, United Kingdom (UK), Cuba at Hawaii nitong Setyembre 8-17 na duguan ang mga kamay sa dami ng mga biktima ng pamamaslang ng kanyang rehimen. Taliwas sa kanyang inaasam, sa bawat puntahan niya ay hindi palakpak ang sumalubong sa kanya kundi protesta ng mga migranteng Pilipino at kritisismo ng iba't ibang lider tungkol sa kalunus-lunos na rekord ng kanyang rehimen.

Nabigo si Arroyo na iwasan ang isyu ng laganap na pampolitikang pamamaslang at pagdukot ng mga progresibong aktibista at iba't ibang kalaban sa pulitika ng kanyang gubyerno. Tumungo siya sa Europe para aniya umakit ng pamumuhan sa bansa, subalit sadyang mas interesado ang mga lider doon na magpahayag ng kanilang pagkabahala sa laganap na mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas.

Sa kanyang mensahe sa Asia-Europe Meeting (ASEM) sa Finland noong Setyembre 13, ipinahayag ni Foreign Minister Erikki Toumojia ng Finland na nais nilang magwakas na ang laganap na mga kaso ng pampolitikang pamamaslang sa Pilipinas. Nang bumisita si Arroyo sa Brussels, Belgium, ang mensahe ring ito ang isinalubong sa kanya ng mga lider ng European Union at ng pinakamataas na pamunuan ni-to, ang European Commission na pinamumunuan ni Pres. Jose Manuel Barroso.

Taliwas sa pinalalabas ng Malakanyang, hindi totoong si Arroyo mismo ang nagbukas ng isyu ng karapatang-tao. Sa harap ng malawakang batikos, napilitan lang siyang harapin noong Setyembre 14 si Irene Khan, Secretary General ng Amnesty International, na nagpahayag ng kawalang-tiwala sa isinasagawang imbestigasyon ng Melo Commission. Binasa pa ni Khan kay Arroyo ang internasyunal na gabay sa mga "investigative commission"


mulong sa pagtatanggol ng mga karapatang-tao at demokrasya sa Pilipinas.

Sa UK, nagpiket ang mga Pilipino sa harap ng gusaling kinaroroonan ni Arroyo. Kinagabihan, naglunsad sila ng *prayer vigil* para sa lahat ng mga biktima ng rehimen.

Sa Hawaii, sinalubong siya ng protesta ng mga migrante roon sa pangunguna ng Anakbayan-Honolulu. Ipinamalas nila ang kanilang pagkamuhikay Arroyo sa kanyang pakitang-tao lamang na pagpapahalaga

sa mga migranteng manggagawa habang sistematisko niyang pinapaslang ang kanilang mga kababayan.

NAM. Mula sa Europe, tumungo si Arroyo sa Havana, Cuba upang dumalo sa asembliya ng 118 bansa na kasapi ng Non-Aligned Movement (NAM) noong Setyembre 16. Sadyang hindi nababagay si Arroyo sa NAM na binubuo ng mga bansang nagttaguyod ng kasarinlan laban sa kontrol ng anumang dayuhang kapangyarihan. Taliwas sa maka-US na paninindigan ni Arroyo, nagpahayag ang NAM ng pagsuporta sa karapatan ng Iran sa enerhiyang nukleyar at pagbatikos sa mga "iligal na patakaran" ng Israel sa Palestine at sa paglusob nito sa Lebanon. Bago pa man mabuo ng NAM ang mga resolusyon nito, matagal nang nakaalis si Arroyo.



tulad Melo Commission upang maging tunay na independiente, makabiktima at kapani-paniwala ang mga ito.

Sa desperasyong maisaisantabi ang usapin ng mga pagpatay at paglabag sa karapatang-tao, napilitan na lang si Arroyo na anyayahan ang mga bansang kasapi ng European Union, UN Human Rights Commission at iba pang organisasyong nagttaguyod sa karapatang-tao na magmasid sa ginagawang imbestigasyon sa bansa. Subalit sa ipinakikitang malaking sarswelang imbestigasyon ng Melo Commission, sadyang walang makukumbinsi si Arroyo.

Mga protesta. Saanman tumungo si Arroyo, sinalubong siya ng mga protesta.

Sa Belgium, naglunsad ng protesta ang mga Pilipino at mga kaibigan Belgian sa harap ng gusali ng European Commission upang kundehin si Arroyo. Sumama at nagsalita sa rali ang dalawang myembro ng parlamento ng Belgium. Nanawagan sila sa mamayang Belgian na tu-



Walang humpay na paglapastangan sa karapatang-tao

Walang awat pa rin ang mga pamamaslang, pagdukot, tortyur, iligal na pag-aresto at detensyon at iba pang karumal-dumal na paglabag ng mga armadong galamay ng estado sa karapatang-tao ng mamamayan. Halos walang araw na lumilipas na walang bagong kaso ng pang-aabusong militar. Sumusunod ang pinakahulugan naitalang mga kaso:

Setyembre 16. Pinagbabaril ng 11 lalaking nakabonet at naka-*combat boots* si Christopher Lunar, 31, lider magsasaka at *municipal coordinator* ng partidong Anakpawis sa bayan ng Del Gallego, Camarines Sur. Naglilinis siya ng kanyang bakuran sa Barangay Sta. Rita II sa Del Gallego nang paligiran ang kanyang bahay ng mga lalaking armado ng mga .45 kal pistola. Si Lunar ang ika-33 myembro ng Anakpawis na pinaslang ng mga *death squad* ng rehimeng Arroyo.

Noong araw ding iyon, pinaslang ng apat na armadong lalaki si Pablito Glean, *chief security officer* ng oposisyunistang meyor na si Jejomar Binay ng Makati City. Pinagbabaril si Glean habang nagkakape kasama ng kanyang mga kaibigan sa isang tindahan sa Taguig City. Napatay din ang isang *security guard* at nasugatan ang tatlong kaibigan ni Glean sa pamamaril. Kabubunyag lang ni Glean noong Agosto sa "Operation Phoenix," isang pakana ng Malakanyang para targetin na rin ng pampolitikang pamamaslang ang mga oposisyunistang anti-Arroyo.

Setyembre 15. Tatlong myembro ng partidong Anakpawis ang dinampot sa kani-kanilang mga bahay sa Sityo Sabitan, Barangay

Santo Rosario, Malolos City. Ibinimbin at ininteroga sila nang 20 oras tungkol sa presensya umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kanilang barangay. Ang iligal na pag-aresto kina Francisco Nicodemus, Emmanuel Macea at Sonny Rodante Cabague ang unang naitalang paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng panunungkulang ni Maj. Gen. Juanito Gomez, ang pumalit kay Maj. Gen. Jovito Palparan na nagretiro bilang hepe ng 7th ID nitong Setyembre 11.

Iligal ding inaresto sa araw na ito sa San Marcelino, Zambales ang tatlong minoryang magsasakang sina Nelson Mallari, Nardo Serrano at Andres Dacanay—pawang mga lider ng Central Luzon Aeta Association. Dinampot sila nang mapadaan sa tsekpoynat at walang maipakitang sedula. Ibinimbin sila ng pulisya sa Castillejos, Zambales at pinakawalan lamang nang magreklamo ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Setyembre 13. Malubhang nasugatan si Joseph Domingo sa Sityo Mathay, Barangay Tuyo, Balanga City, Bataan bandang alas-7 ng umaga matapos siya akusahang kasapi ng BHB at pagbabarilin ni P02


Leonardo Boy Tan, isang elemento ng PNP Special Action Force.

Noong araw ding iyon, iligal na dinakip ng mga elemento ng RPA-ABB sa Sityo Bato-Bato, Barangay Tabun-ac, Toboso, Negros Occidental ang sampung myembro ng Teatro Obrero, grupong pangkultura ng National Federation of Sugar Workers. Maghapong hinawakan at pinagpasa-pasahan ng RPA-ABB, Philippine Army at pulisya ng Toboso ang sampung aktibistang pangkultura bago pinakawalan. Inakusahan silang mga bagong rekrut ng BHB. Nagpunta sila sa Toboso para mag-ensayo para sa isang *street play* na ipalalabas nila sa anibersaryo ng Escalante Massacre sa Setyembre 21.

Setyembre 12. Pinagbabaril ng dalawang nakamotorsiklong lalaki sa Calamba, Laguna bandang alas-12:30 ng hapon si Nemesio Aquino, presidente ng JAM Liner Employees Union-National Federation of Labor Unions. Kalalabas lamang niya sa *regional office* ng Department of Labor and Employment kung saan siya dumalo sa bista ng kaso ng kanilang unyon nang siya'y paulanan ng bala. Namatay ang biktima mahigit isang oras matapos siya dalhin sa ospital dahil sa dalawang tama ng baril sa kanyang likod.

Samantala, sa Mauban, Quezon, dinukot ng mga pinaghihinalaang elemento ng militar si Marco Ferdinand, Bayan Muna *coordinator* sa bayang iyon. Si Ferdinand ay pinagbibintangan ng militar na myembro ng BHB.

Setyembre 11. Sinalbeyds ng mga tropa ng 19th IB ang *hors de combat* na si Bibiano Rentillosa,





kalihim ng Northern Leyte Front. Naliligo si Rentillosa nang masukol siya ng mga sundalo sa Barangay Libertad, Kananga, Leyte. Dahil hindi siya armado ay hindi nanlaban si Rentillosa. Ayon sa mga nakasaksing tagabaryo, nakita nilang buhay at walang sugat na dinakip si Rentillosa. Subalit di nagtagal ay ibinalita ng miltar na namatay siya umano sa isang engkwentro kasama ng tatlo pang Pulang mandirigma. Pinabulaanan ng National Democratic Front sa rehiyon na nagkaroon ng engkwentro. Wala rin anitong ibang namatay na mga gerilya at wala ring nakuhang armas o dokumento kay Rentillosa.

Setyembre 10. Dinukot ng mga elemento ng 74th IB sa Barangay Buenavista, San Narciso, Quezon sina Midwen Hiwatig, 26 at Jovito Marco, 23 bandang ala-una ng madaling araw. Dinala ang dalawang magsasaka sa Camp Nakar sa Lucena City pero nang hanapin doon ni Flordeliza Hiwatig, ina ni Midwen ay sinabi ng miltar na wala sa kanila ang mga ito.

Setyembre 7. Natagpuan ang bangkay ni Napoleon Bautista sa Calumpit, Bulacan pitong araw matapos siya dukutin ng mga sundalo sa kanilang bahay sa Barangay San Roque, Hagonoy, Bulacan kasama ng kanyang asawang si Ofelia. Parehong kasapi ng Anakpawis-Hagonoy ang mag-asawa. Pinakawalan noong Agosto 31 ang bugbog-saradong si Ofelia. Si Napoleon naman ay halos hindi na makilala nang matagpuan ang kanyang bangkay dahil basag ang kanyang mukha. Tinapyas din ang isa niyang tainga at marami siyang saksak sa buong katawan.

Samantala, pinaslang sa Barangay Cantubod, Danao, Bohol ng dalawang lalaking nakamotorsiklo si Victor Olayvar, 41, *provincial coordinator* ng Bayan Muna (BM) at upisyal ng Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL). Si Olayvar ay isa sa apat na lider ng HUMABOL na target ng asasinasyon ng 302nd IBde. Ang tatlo pa ay sina Felipeneri Bejasa, *vice chairman* ng HUMABOL; William "Boy" Banting, *chairman* ng HUMABOL; at Thomasa Santos, tagapangulo ng HUMABOL sa Alicia, Bohol.

Noong araw ding iyon, pinagbabaril hanggang sa mapatay ng mga nakamotorsiklong lalaki sina Konsehal Roberto Victoria at asawa niyang si Shirley bandang alas-5:30 ng umaga sa Pulilan, Bulacan. Aktibong sumusuporta ang mag-asawa sa laban ng mga magsasaka sa Hacienda Meñez sa bayang iyon.

Samantala, sa Barangay San Jose, Hagonoy, Bulacan ay dinukot ng mga armadong lalaki sina Roderick John Cruz at Marvin Verano at pwersahang isinakay sa isang *owner-type* na dyip.

Setyembre 4. Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng pitong armadong lalaki si Ranbert "Alvin" Placencia, *municipal coordinator* ng partidong Anakpawis sa Mawab, Compostela Valley, tserman ng Nuevo Iloco Farmers Association at *council member* ng Nagkahiuisang Mag-uuma sa Mawab. Si Placencia, na ninakawan din ng kanyang bag at *cellphone*, ay pinaslang matapos sitahin ng mga salarin ang sinasakyan niyang motorsiklo sa Purok 8, Sta. Monica, Nuevo Iloco, Mawab. Siya ang ika-77 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa Southern Mindanao.

AB

Sigaw para sa HUSTISYA

Pormal na itinatag noong Setyembre 15 sa University of the Philippines ang HUSTISYA! (Victims of the Arroyo Regime United for Justice o "Mga Bikigma ng Rehimeng Arroyo na Nagkakaisa Para sa Katarungan") bilang pambansang organisasyon ng mga pamilya ng mga biktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang at mga biktima ng pampulitikang panggigipit at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Nagpasya ang mga biktima at mga pamilya nila na magbuo ng organisasyon upang igiit ang pagkamat ng hustisya at pagwawakas sa terorismo ng estado. Baitid nilang wala silang mapapalang seguridad o simpatya mula sa rehimeng Arroyo kaya aakuin nila ang responsibilidad ng pangangalaga sa mga saksi at pagtanggol at pagpreserba ng mahalang ebidensya.



Kabilang sa mga dumalo ang pamilya ni Benjaline Hernandez, manunulat sa Ateneo de Davao University at *deputy secretary general* ng KARAPATAN sa Southern Mindanao na sinalbeyds ng mga tropa ng AFP noong Abril 2002 sa North Cotabato. Nagsisilbing tagapagsalita ng HUSTISYA ang kanyang ina na si Evangeline. Tumayong *convenor* sina Dr. Chandu Claver, asawa ni Alice Claver at Orly Marcellana, asawa ni Eden Marcellana, kapwa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang. Si Alice, isang *coordinator* ng Bayan Muna ay pinaslang noong Hulyo sa Kalinga samantalang si Eden ay *secretary-general* ng Karapatan-Southern Tagalog na pinatay sa Oriental Mindoro noong Abril 2003.

AB

Sampal sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao

Malakas na sampal sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao ang gantimpala ni Gloria Arroyo sa kanyang paboritong pasistang heneral—ang promosyon niya bilang myembro ng kanyang gabinete.

Bago pa man magretiro si Maj. Gen. Jovito Palparan noong Setyembre 11 ay inianunsyo na ang pagtatalaga sa kanya bilang *deputy national security adviser*. Subalit napilitan ang Malakanyang na iatras ito sa lakas ng batikos mula sa loob at labas ng bansa. Ang kapwa pasista ni Palparan na si Ret. Lt. Gen. Pedro Cabuay, dating hepe ng Southern Luzon Command, ang itinalaga rito. Plano nilang "palamigin" muna si Palparan nang isang buwan bago italaga siya sa Presidential Task Force on Counter-Insurgency sa ilalim ni Executive Secretary Eduardo Ermita, isa sa mga pangunahing militarista sa gabinete ni Arroyo.

Anang Partido Komunista ng Pilipinas sa isang pahayag, sa gantimpala niyang ito kay Palparan at Cabuay pinasasaklaw na ng Malakanyang sa buong bansa ang pasistang karahasang inihasik niya sa mga lugar na kinatalagahan niya. Hudyat din ito sa AFP na paigtingin pa ang mga armadong atake laban sa ligal na demokratikong kilusan at mga di armadong sibilyan sa kanyunan at kalunsuran. **AB**

Japan-Philippines Economic Partnership Agreement

Ibayong bigwas sa lokal na ekonomya

Pinirmahan ng mga kinatawan ng Pilipinas at Japan nitong Setyembre 8 ang Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA), isang kasunduang pinanukala noong 2002 at lihim na binuno sa loob ng apat na taon. Katulad ng iba pang kasunduan para sa "malayang kalakalan", ang JPEPA ay nakabalangkas sa doktrina ng imperialistang globalisasyon at naglalayong lubusang iliberalisa ang ekonomya ng mga atrasado at di-industriyalisadong bansa. Ito ang unang *bilateral* na kasunduan para sa "malayang kalakalan" na pinasok ng Pilipinas, dagdag sa *multilateral* na mga kasunduang pinirmahan nito bilang bahagi ng World Trade Organization.

Sa ilalim ng JPEPA, ibabagsak ng rehimeng Arroyo nang hanggang 80% ang mga taripa sa mga produktong industriyal, agrikultural at iba pa sa loob ng sampung taon. Gayundin, nangako ang rehimeng magbigay ng insertivo sa mga dambuhalang kumpanyang Hapon para pumasok sa lokal na industriya ng sasakyang at elektroniks. Kabilang dito ang pagbabagsak ng taripa sa bakal na mula sa Japan nang hanggang 60% sa taong 2010 at lubusang pagpawi sa mga taripa sa mga sasakyang Hapon sa susunod na mga taon. Kapalit nito, ibababa umano ng Japan ang mga taripa nito sa mga produktong agrikultural mula sa Pilipinas, tulad ng pinya at saging. Gayundin, nangako ang Japan na tumanggap ng 200 Pilipinong nars at *caregiver* bawat taon.

Sa unang tingin pa lamang, napakalaki na ng disbalanse sa pagitan ng isinuko ng rehimeng Arroyo kumpara sa di signipikanteng mga kunsyon na ibinigay ng guberonong Hapon. Malinaw na ang tanging makikinabang sa kasunduang ito ay ang mga kumpanyang Hapon na dati nang nagsasamantala sa atrasado at di industriyal na ekonomya ng bansa. Itutuloy lamang ng mga kumpanyang ito ang pagtayo ng kanilang mga pabrika sa

mga *export-processing zone* sa bansa kung saan tinatamasa nila ang sangkatutak na mga insertivo at kunsyon na ibinibigay ng reaksyunaryong gubyerno. Kabilang dito ang pahintulot na iangkat ang lahat ng kanilang kakailanganing sangkap sa produksyon mula sa kanilang bansa, 100% pagbabalik ng kanilang tubo sa Japan at pagsasamantala sa kimi at murang lakas paggawa ng Pilipinas.

Pinatatampok ng kasunduang ito ang kawalang interes ng rehimeng Arroyo na suportahan ang lokal na mga industriya at paunlarin ang ekonomyang nagsasarili at industriyalizado. Interesado lamang ito sa panandaliang kaluwagan na dala ng remitans ng mga *overseas contract worker* at eksport ng piling mga produkto. Masahol pa, tiyak na wawasakin ng mga kasunduang katulad ng JPEPA ang natitirang lokal na industriya at naghihingalo nang mga sektor ng ekonomya ng Pilipinas. At bilang una sa serye ng mga di pantay at mapangwasak na *bilateral* na kasunduang handang pasukin ng reaksyunaryong gubyerno, nagbabadya ito ng mas matindi pang krisis pangkabuhayan para sa mamaayang Pilipino at lalong pagsahol ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. **AB**

Pagbigo sa RSOT sa Albay

*Kinapanayam ng AB nitong Agosto 27 si Ka Floyd, kalihim ng isang laran-
gan sa Albay, kung papaano nila binigo ang RSOT na inilunsad ng AFP sa
kanilang erya.*

Sa loob ng ilang araw noong Pebrero 2006, sinuyod ng 11 platun ng militar ang mga baryo sa tatlong bayang sakop ng larangang gerilya yang pinamumunuan ni Ka Floyd. Ang pagsusuyod na ito ng kaaway ay unang hakbang sa siyam na buwang pagsasailalim sa lugar sa operasyon ng Reengineered Special Operations Team (RSOT). Matapos ang pagsusuyod ng 11 platung ito, pumasok sa erya ang mga elemento mula sa 3rd Scout Rangers Battalion (SRB) at 65th, 31st at 42nd IB ng Philippine Army.

Layunin ng operasyon RSOT na kabigin ang kalooban ng mga taumbaryo at sa proseso ay pagkaitan ng suportang masa at durugin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lugar. Naglunsad sila ng iba't ibang aktibidad sa mga barangay sa tatlong bayan para makamit ang layuning ito.

Bilang panimulang hakbang, ipinatawag ng militar ang mga upisyal ng barangay upang ipaalam na mananatili sila sa lugar at ipaiilalim nila sa kanilang kontrol ang erya sa loob ng maraming buwan.

Sa loob ng siyam na buwan, inisa-isa ng RSOT ang mga barangay sa erya. Isinagawa ang pag-sensus sa bawat sityo. Inalam ng kaaway ang bilang ng mga bubong sa lugar at kinilala ang mga pamilya at ang bawat indi-

bidwal. Kinabisa rin ng kaaway ang tereyn.

Upang makuha ang kalooban ng mga taumbaryo, naglunsad ang militar ng mga proyektong pang-imprastruktura at iba pa umanong serbisyong sosyal tulad ng pagsaayos ng mga *basketball court* at paglilinis sa tabi ng mga daan.

Binuo rin ng kaaway ang kanilang lambat-paniktik sa tatlong bayan. Mga babaeng kilalang sangkot sa mga anti-sosyal na aktibidad sa baryo ang kanilang pinili. Niligawan sila ng ilang sundalong naka-toka sa mga ito at sinilaw sila ng pera. Magdamag na nakikipag-inuman sa kanila at madalas ding sa bahay mismo ng mga ito natutulog ang mga sundalo.

Mula naman sa mga barangay


gay police, itinayo ng militar ang Civilian Volunteer Organization (CVO).

Sa huling yugto ng operasyon nila sa mga barangay, nagdaos ang kaaway ng pangkalahatang pulong ng mga taumbaryo kung saan pwersahang pinadalo ang mama-mayan.

Handa at buo ang loob ng Pulang hukbo. Matatag ang pasya ng yunit ng hukbo na manatili at magpatuloy ng mga gawain kahit may "pwersang hibog kang kawal" (makapal na pwersa ng kaaway) sa erya. Bilang unang hakbang, kagayat na nagpulong ang yunit ng BHB. Tinalakay sa pulong kung paano lulugar ang tropa ng BHB sa harap ng bagong kalagayan ng pagdagsa at matagalang pagmamantine ng tropa ng kaaway sa erya.

Kung saan maluwag, doon sila pumwesto. Ayon kay Ka Floyd, bukod sa paggampan ng pang-araw-araw na gawain sa pag-oorganisa, pinagplanuhan nila kung paano makabibigwas sa kaaway sa loob ng erya.

Upang makontrol ang kilos ng kaaway, naglunsad ng mga operasyon haras-isnayp ang BHB sa ilang piling barangay. Layunin ng mga ito na papaniwalaan ang kaaway na pinoprotektahan ng BHB ang naturang lugar upang doon ikonsentra ng militar ang kanilang tropa. Sabi pa ni Ka Floyd: "Tumpak ang taktika." Mismong mga tagapagsalita ng militar sa lugar ang nagsabing nasusukol na raw nila ang BHB kaya naglulunsad ito ng mga operasyon harasment kung saan napaatras diumano ito. Hindi batid ng kaaway na dahil sa ikinonsentra nila ang kanilang tropa sa mga piling lugar na pinaglulunsaran ng atritibong aksyon ng BHB, lumuwag ang ibang barangay at bwelong nakagagampan ng gawain ang Pulang hukbo sa mga ito. Sabi ni Ka Floyd,



"Napasasakay ang kaaway sa ating disenyo...tayo ang nagtatakda kung saan natin sila papupunta-hin."

Hindi kailanman natukoy ng kaaway ang base ng mga Pulang gerilya. Kahit minsan ay wala silang nakitang yunit ng hukbong bayan. Wala silang anumang nagawang inisyatiba sa laban. Taliwas sa ninanais ng kaaway, ang BHB ang palaging may hawak ng inisyatiba at nakabigwas sa mga tropa ng RSOT. Maluwag na nakapaglunsad ang BHB ng 12 operasyong harassnay laban sa kaaway. Isa ang namatay at dalawa ang nasugatan sa mga tropa ng kaaway nang bira-hin ng BHB ang mismong himpilan ng brigada. Sa isa pang operasyon ng mga Pulang mandirigma, tatlo ang nasugatan sa panig ng 3rd SRB.

Inagapan din ng mga kasama ang pagnunyutralisa sa mga babaeng naputunayang nakikipagtulungan sa militar. Kagyat na kinausap ang naturang mga babae. Pinaalis muna sa lugar ang ilan upang hindi na maimpluwensyahan ng kaaway. Ginawang prayoridad pagkatapos ng siyam na buwang paglalagi ng RSOT sa erya ang pagkumpleto sa pagnunyutralisa sa tukoy na mga elementong paniktik ng kaaway. Lahat sila ay binyigan ng mga babala at pagkakataon para tumigil na lamang at magbago.

Dahil nakokontrol ng Pulang hukbo ang kilos ng kaaway sa lugar, patuloy pa ring naka-paggagawaing-masa ang mga kasama roon. Sa panahon ng RSOT, nakapag-oorganisa pa ng mga taumbaryo ang mga Pulang gerilya. Nakapaglunsad ng mga pag-aaral. Patuloy na naisulong ang rebolusyong

agraryo at nakapagpalitaw ng pinansyal at materyal na suporta para sa rebolusyonaryong kilusan mula sa mga panggitnang pwersa sa saklaw ng RSOT.

Susi sa tagumpay ng mga kasama sa erya sa pagharap sa RSOT at paggaman pa rin sa mga gawain ang masusing pag-aaral sa kilos ng kaaway, mahigpit na koordinasyon sa masa at aktibong pagtulong nila, kabilang ang walang tigil na pagpapaabot ng impormasyon sa kilos ng kaaway.

Palaging nasusubaybayan ng yunit ng BHB ang manera at padron ng pagkilos ng kaaway, gayundin ang bawat kakaibang galaw ng mga ito. Nabatid ng yunit ng Pulang hukbo na estilo ng RSOT sa kanilang lugar ang *clustering* o pag-ooperasyon sa kulumpon ng tatlong magkakatabing barangay. Di bababa sa 40 tropa ang ipinapakat ng militar sa tatlong barangay na sakop ng *clustering*. Ang *main body* ay may pwersang panseguridad na isang platung nahahati sa tatlong iskwad. Nakadeploy ang *main body* pangunahin sa isa sa mga barangay. Nagpapapasok ito ng mga iskwad sa dalawa pang barangay. Isa sa mga iskwad na ito ang nagsasagawa ng *clearing operations*. Napag-aranan ng Hukbo na 500 metro lamang ang minamantining layo ng pwersang panseguridad sa *main body*. Dahil dito,

kayang-kaya ng yunit ng BHB na bumase sa katabi lamang na barangay ng mga baryong nasa ilalim ng *clustering* dahil tiyak nila ang distansya at kilos ng tropang panseguridad ng kaaway. Nakatutuwang isipin, ayon kay Ka Floyd, na kung minsan ay nakakayanan pa nilang bumase sa loob mismo ng isang barangay na sakop ng *clustering*.


Aktibo at malawak din ang lambat-paniktik ng mga Pulang gerilya sa hanay ng taumbaryo sa lugar. Naipapaabot kaagad sa mga kasama kung aling barangay ang sunod na papasukin ng kaaway kaya tuwituwina'y alam ng mga Pulang gerilya kung saan sila paborableng bumase. Nasusundan din nila kung sinu-sinong tao sa baryo ang kinakausap at nirerekrut ng militar para maging elementong paniktik.

Sa paglisang ng militar sa erya, mataas ang kasiglahan ng mga kasama dahil bukod sa hindi nadepensisiba ang BHB kahit minsan, patuloy silang nakagampan ng kanilang mga gawain, nanatiling masigla ang pagkilos at suporta ng masa, at walang organisasyong masa at rebolusyonaryong pampulitikang istrukturang nabuwag sa lugar.

Ani Ka Floyd, "Kahit kinokontrol ng kaaway ang ating erya ay din natin dapat pabayaan ang ating lugar. Umangkop tayo sa sitwasyon.

Dapat naaalalayan din natin ang masa sa panahong ginigipit sila ng kaaway. Dapat makita ng masa na tayo ay nananatiling sandigan nila. Malaki ang epekto kung iiwan natin sila dahil sila ang nakataya.

Kung basta na lang natin iiwan ang masa ay baka mag-umpisa uli tayo sa uno pagbalik natin." **AB**





Limang taon matapos ang 9-11

Ginamit ni George W. Bush ang teroristang atake ng al Qaeda sa New York City noong Setyembre 11, 2001 ("9-11") bilang sangkalan para lusubin at sakupin ang Iraq at Afghanistan at pagbantaan ang iba pang bansang naggigiiit ng kasarinlan at tumututol magpailalim sa hegemonya ng US. Para rito, hinatak ni Bush ang pinakamaraming alyado at papet na estado sa mga gerang agresyon sa ngalan ng "anti-terorismo."

Sa proseso, di hamak na mas masahol na uri ng terorismo ang pinakawalan ng US kaysa sa pambombombang al Qaeda noong 2001. Mas malaking pinsala ang dala ng US sa mga pinanghihimasukan at inookupang bansa. Isinaisantabi nito ang maraming pandaigdigang makataong batas at sibilisadong kumbensyon para tuluyang mapawi ang mga ligal na hadlang sa ginagawa nitong mga panunupil.

Limang taon nang isinasangka-

lan ng rehimeng Bush ang "9-11." Subalit taliwas sa inaaahanan nito, nasasadlak ngayon ito sa mga gera na walang kahihinatnan kundi ang lumalaki pang pagkatalo. Tumitindi ang pagtutol at batikos ng mama-mayang Amerikano at ng buong mundo habang ibayong nalalantad ang kahungkagan ng mga dahilan ng US para sa panggegera nito. **AB**



Patung-patong na kaswalti, lumalawak na pagtutol

Mula nang lusubin ng US ang Iraq noong 2003 hanggang Setyembre 11 ngayong taon ay umaabot na sa 2,904 na pwersang pang-okupasyon ang namamatay. Sa bilang na ito, 2,671 ang Amerikano, 118 ang taga-United Kingdom (UK) at 115 ang mula sa iba't iba pang bansa. Di bababa sa 19,945 sundalo ng US ang nasugatan sa mga labanan at tinatayang mahigit 30,000 na ang nabaliw dahil sa matinding sikolohikal na pinsala dulot ng gera. Sa Afghanistan, mula nang atakehin ito ng US noong Oktubre 2001 hanggang Setyembre 2006 ay 475 na ang namamatay na pwersang pang-okupasyon—335 nito ay Amerikano at 140 ang iba't iba ang nasyunalidad. Samantala, 894 naman ang nasugatang mga tropa ng US.

Tinatayang mahigit 200,000 nang mga sibilyan ang namamatay at nasusugatan habang milyun-milyon na ang nawalan ng tahanan dahil sa walang habas na pambombombang US sa Iraq at Afghanistan. Milyun-milyon ang dumaranas ng matinding gutom dahil sa panganganyon, pambombombang at mga operasyong militar ng US. Karamihan sa kanila ay kababaihan at mga bata. Laganap ang panggagahasa, panununog, pandarambong at iba pang paglabag ng mga tropa ng US sa karapatang-tao.

Sa iba't ibang panig ng mundo, lumalawak ang pagbatikos sa pang-

gegera ng US. Sa UK, napilitan si Prime Minister Tony Blair na ideklara ang kanyang pagbibitiw pagsapit ng Hulyo 2007 dahil sa pagkakasangkot nila sa gera sa Iraq at Afghanistan. Sa Canada, tutol na ang mamayang sa pagpapadala ng mga tropa at sa Spain at Italy, natalo sa eleksyon ang mga kandidatong sumusuporta sa naturang mga gera. Sa US, mariing kinukundena ng mga pamilya ng mga sundalo ang pagpapalawig pa sa *tour of duty* (takdang panahon sa serbisyo) ng mga ito. Subalit sa halip na magbawas ng tropa, umaabot na ngayon sa 132,000 ang mga sundalo ng US

sa Iraq at tinatayang aabot ito sa 140,000 pagsapit ng 2007.

Malaking mayorya ng mama-mayang Amerikano ang tutol sa pananatili ng US sa Iraq, pangunahin na dahil sa napakalaking halagang nilulustay ng rehimeng Bush at sa lumalaking bilang ng mga kaswalti ng Amerikano. Tinatayang aabot sa \$286 bilyon ang deposit sa pambansang badyet ng US sa 2007 mula sa \$260 bilyon ngayong taon dahil sa patuloy na pagbuhos ng rehimeng Bush ng salapi at iba pang recurso sa panggegera nito sa Iraq. **AB**



Dagdag na kasinungalingan, nalantad

Dagdag sa kasinungalingan tungkol sa pag-iingat umano ni Saddam Hussein ng mga sandatang mapamuksa, tumambad naman ngayon ang iba pang bulaang mga pahayag ng rehimeng Bush.

Ayon sa mga dokumentong isinapubliko ngayong Setyembre ng US Senate Intelligence Committee, lumabas sa isang pagsusuri ng Central Intelligence Agency (CIA) noon pang Oktubre 2005 na "walang ugnayan at hindi kinanlong" ni Hussein ang grupo ni Abu Musab al Zarqawi, isa sa mga pangunahing lider ng al Qaeda na bumabase sa Iraq. Katunayan, ayon sa naunang ulat ng CIA noong Enero 2003, itinuring ni Saddam na banta sa pambansang seguridad ang mga "ekstremistang Islamiko" na nag-oopereyt sa loob ng Iraq.


Ang presensya nina Zarqawi sa Iraq ang isa sa mga ipinanganganlandakang "ebidensya" ng rehimeng Bush ng pagsuporta umano ni Saddam sa al Qaeda at batayan para pabagsakin ang kanyang gubyerno. Namatay noong Hunyo si Zarqawi nang bombahan at salakayin ng mga tropa ng US ang gusaling pinagkukutaan niya sa Iraq.

Kasabay nito, napilitan din si Bush na aminin ang pag-iral ng lambat ng mga lihim na bilangguan sa iba't ibang bahagi ng mundo kung saan ikinukulang nang walang taning at tinotortyur ang mga pinagsususpectsahang terorista. Ang karamihan ng mga bilangguang ito, na pinamamahalaan ng CIA, ay nasa Eastern at Western Europe at ilang bansa sa Asia tulad ng Pakistan at Thailand. Bukod ito sa mga lantad na mga bilangguan sa Iraq at Guantanamo, Cuba.

Upang apulain ang galit ng mamayan sa nalantad na walang pakundangang paglabag sa kapatang-tao, inianunsyo ni Bush ang pagbubuo ng mga espesyal na hu-

kumang militar para litisin ang mga pinaghihi-nalaang "terorista." Subalit iniutos ng Korte Suprema ng US noong Hunyo ang pagbabaklas sa mga ito dahil labag ito di lamang sa mga probisyon ng Geneva Conventions hinggil sa pagtrato sa mga bihag pandigma kundi sa mga batas mismo ng US. Hindi kinikila-la ng rehimeng Bush ang mga detenido bilang mga bihag ng digma na may mga karapatan kundi mga "kaaway na kombatant"—isang inim-bentong kategorya para sa mga detenido na walang anumang kara-patan.

Tinututulan din ng Korte Suprema at iba pang kritiko ang panukala ni Bush hinggil sa otorisadong paggamit ng "mapamilit na mga pamamaraan" o tortyur para paaminin ang mga suspectsado at pag-



gamit sa korte ng ebidensyang naukuha sa gayong pamamaraan. Tutol din sila sa panukalang maaaring litisin at husgahan ang mga akusado batay sa sikreto ng ebidensya at paglilibre sa demanda sa mga operatiba ng CIA at iba pang "interrogator" na gumagamit ng "mapamilit na mga pamamaraan."

Para makaalpas sa mga limitasyong itinatakda ng desisyon ng Korte Suprema ng US sa mapang-abusong pagtrato sa mga detenido, hinihiling ngayon ni Bush sa Kongreso at Senado ng US na magpasa ng mga batas na maglili-galisa sa kategoryang "kaaway na kombatant" at sa lahat ng iba pang kaakibat nitong patakarang mapangyurak sa karapatang-tao. Sa partikular, nais ni Bush na muling itulak ang pagbubuo ng mga hukumang militar at paghuhusga batay sa "sikreto ng ebidensya".

Subalit malabong matupad ang kagustuhang ito ni Bush sa harap ng mariing pagtutol maging ng mga kapartido niya sa US Senate at ng ilang mahigpit niyang alyado. AB

Doktrinang Bush, ididikdik sa AFP

NAGBABADYA ang ibayong pagtindi ng mga pagdukot at pagpaslang sa mga aktibista at pagsupil sa mga protesta matapos ianunsyo ng rehimeng Arroyo ang plano ng US na dagdagan ang ayuda-militar nito sa Pilipinas at bigyan ng pagsasanay-militar ang lahat ng yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Inianunsyo ito ni Arroyo matapos ang kanyang pagbisita sa himpilan ng US Pacific Command sa Honolulu, Hawaii nitong Setyembre 17.

Tiyak na gagamiting balangkas ng pagsasanay ang doktrinang Bush na nagsasaisantabi sa lahat ng mga establisadong prinsipyong makataong batas at alituntunin sa digma. Lalong magsisilbi ang AFP bilang pangunahing instrumento para ipagtanggol ang tuta at bulok na rehimeng Arroyo at supilin ang mga patriyotiko at demokratikong pwersa. AB

7 sundalo patay, 5 sugatan sa ambus ng BHB sa Samar

PITONG sundalo ng 14th IB ang namatay at lima ang nasugatan nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Arnulfo Ortiz Command (AOC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong hapon ng Setyembre 15 sa Sityo Cantipon, Barangay Casandig, Paranas, Samar. Ang mga sundalo, na lulan ng isang trak, ay kababalik lamang mula sa

sentro ng Paranas nang tambangan sila ng BHB. Pinagtakpan ng militar ang kanilang mga kaswalti nang iulat nila sa midya na isang sundalo lang ang namatay at dalawa lang ang nasugatan sa ambus.

Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Vicente Magbuhat, tagapagsalita ng AOC, na ang ambus ay isa sa mga anyo ng pagpapatupad ng re-

bolusyonaryong hustisya para sa mga biktima ng nagaganap na mga pampolitikang pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Eastern Visayas. Ipinapakita rin nito, aniya, ang paglakas ng armandong pakikibaka sa Samar taliwas sa ipinangangalandakan ng militar na nanghihina na ang rebolusyonaryong kilusan dito.

Lalaban ako hanggang sa katapusan—Nicole

LALABAN ako hanggang katapusan"—ito ang reaksyon ni "Nicole," 22-taong-gulang na dalagang ginahasa ng apat na US Marines noong Nobyembre 2005 sa tangka ng mga tauhan ng Department of Justice (DOJ) na kumbinsihin siyang makipag-areglo at sa mga paniniranya nila tungkol sa kanya.

Ibinunyag niya at ng kanyang ina sa midya noong Setyembre 16 na tinangka ni Senior State Prosecutor Emile Fe de los Santos na himukan silang makipag-areglo na lamang sa mga akusado. Ayon kay de los Santos, kung hindi sila makikipag-areglo ay ihahain ng gubyerno ng Pilipinas sa US ang pag-abswelto sa mga akusado kapalit ng paggagawad ng US ng *asylum* kay dating *agriculture undersecretary* Jocelyn "Joc-joc" Bolante. Gusto rin ni de los Santos na sabihin ni Nicole sa korte na ayaw na niyang ipagpatuloy ang kaso dahil pagod na siya at wala nang magagawa pa ang kanyang abugado. Ibinunyag ito ng mag-iná dahil batid nilang "pinaglalaruan" na lamang ng mga abugado ng gubyer-

no ang kaso. Sa halip na idíin ang akusado, pumabor pa sa kanya ang mga tanong ng tagausig.

Bunga nito, nag-*walk out* sa korte ang mag-iná at sumulat kay Secretary of Justice Raul Gonzalez para igiit na palitan ang mayorya ng mga tagausig dahil walang kakayahang ang mga ito at hindi katiwa-tiwalá. Ngunit tumanggi si Gonzales at sa halip ay ipinagtanggol pa ang kanyang mga tauhan. Siniaran niya si Nicole sa pagsabing "baka nasa guniguni na naman niya ang alok ng pakikipag-areglo." Malaon nang ipinapamalas ni Gonzalez ang kawalan niya


ng simpatya sa biktima. Bago pa man magsimula ang paglilitis sa korte, itinulak na niya ang pagpagaan sa kaso ng tatlo sa apat na akusado at ipinagkalat niya sa publiko ang maling impormasyon na aatras na sa kaso si Nicole.

Nagpasaring din si Gonzalez na inudyukan lamang ng pribadong tagausig na si Evalyn Ursua ang mag-iná na mag-*walk out* at lumik-

ha ng alingasngas dahil pinagkaka-kitaan ng organisasyon ni Ursua, ang TOWNS Foundation ang pagpatuloy ng kaso. Ang TOWNS Foundation, isang organisasyon ng kababaihan, ang pangunahing naglulunsad ng mga aktibidad para makalikom ng pondong panggastos para sa pagsusulong ng kaso. Agad pinabulaanan ng TOWNS Foundation ang mga parinig ni Gonzalez. Anang mga myembro ng TOWNS, handa silang ibukas sa publiko ang rekord ng mga donasyon sa kanila. Nangako din silang ipagpatuloy ang kaso ni Nicole.

Sa kahuli-hulihan, inamin din ni de los Santos na nag-alok siya ng areglo sa kabilang nauna niyang pagtanggi rito. Galit na galit niyang inakusahan ang mag-iná ng pagiging "sira-ulo" at "walang utang na loob" na animo'y personal na pabor sa biktima ang paggampan niya ng kanyang tungkulin bilang tagausig.

Bilang tugon, ipinahayag ni Nicole na hindi siya dadalo sa paglilitis kung hindi papalitan ang mayorya ng mga tagausig. Batid ni Nicole at kanyang mga tagasuporta na kakutsaba ng mga salarin at ng US ang rehimeng Arroyo sa pagluto sa kaso.





Editoryal

Tiyak ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo


Tuluy-tuloy na sumisidhi at lumalalim ang krisis sa paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Una itong sumambulat nang sumiklab noong Hunyo 2005 ang mga kilos protesta matapos malantad ang pandaraya sa eleksyon 2004 sa "Hello Garci" teyp at pagkakasangkot ng pamilyang Arroyo sa hweteng at iba't iba pang anomalya. Humantong sa bagong antas ang krisis na ito sa paghahari nang ideklara ni Arroyo ang State of National Emergency nitong Pebrero na sinundan pa ng deklarasyon ng "all-out war" na nagbunsod ng mararahas na pag-atake sa mga pinaghihinalaang base ng rebolusyon sa kanayunan at sa demokratikong kilusang masa at mga kalaban ni Arroyo sa pulitika.

Gamit ang iba't ibang tuso at marahas na mga pakana at maniobra, nakatatagal si Arroyo sa poder. Ngunit kaalinsabay nito ang ibayong pagsidhi ng krisis at paglakas ng panawang labanan at ibagsak ang kanyang bulok, mapanlinlang, papet at brutal na rehimeng. Lalo nitong inihiwalay ang sarili, pinakukulo ang galit ng mamayan at pinatitibay ang determinasyon nilang lumabanan.

Inaabuso ni Arroyo ang kanyang kapangyarihan at gumagamit siya ng mga paraang diktador sa kanyang pagkakandarapang supilin ang katotohanan, pagtakpan ang kanyang mga krimen, depensahari ang sarili at sindakin ang

kanyang mga kalaban. Iniiikut-ikutan at binabaluktot niya ang umiiral na reaksyunaryong konstitusyon, mga batas at proseso at walang habas na sinasagasaan maging mga desisyon ng Korte Suprema. Sa pamamagitan ng malawakang panunuhol, hawak niyang mayorya sa Kongreso at pagsagasa sa mga proseso, nagawang karakang ipabasura ni Arroyo sa mga alipures niyang kongresista ang ikalawang kasong *impeachment* nitong Hulyo. Patuloy din itong nagmamatigas na pagbawalan ang mga upisyal ng AFP at gubyerno na dumalo sa mga imbestigasyon ng Senado at Kongreso.

Kaalinsabay nito, walang pangigmiling ginagamit ni Arroyo ang kanyang kapangyarihan at pribilehyo upang suhulan ang mga kongresista, lokal na upisyal, mga upisyal ng militar, huwes at maging mga taong-simbahana. Ang hindi mabili ay dadaanin sa paninindak at pagsasampa ng kung anu-anong kaso. Umaabot sa 200 ang balak na sampahan ng kasong "rebelyon" kaugnay ng mga kilos protesta at tangka umanong kudeta noong Pebrero kabilang ang 40 una nang kinasuhan. Samantala, sinampaahan ng kasong libelo at itinutulak ang pagtatanggal sa Kongreso at lisensya bilang abugando ni Rep. Alan Peter Ca-



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Hindi na nahiya
si Arroyo PAHINA 4

Pagbigo sa RSOT
sa Albay PAHINA 8

Limang taon matapos
ang 9-11 PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*